# Kasunduan sa Pag-uulat ng Kalusugan ng Empleyado sa Pagkain

**ANG LAYUNIN NG KASUNDUANG ITO AY IPABATID SA MGA EMPLEYADO SA PAGKAIN ANG RESPONSIBILIDAD NILA NA IPAALAM AGAD SA NAMUMUNO KUNG SILA AY MAKARANAS NG ALINMAN SA MGA KONDISYONG NAKALISTA SA IBABA, PARA ANG NAMUMUNO AY MAKAPAGSAGAWA NG MGA NARARAPAT NA HAKBANG PARA MAIWASAN ANG PAGKALAT NG SAKIT NA MULA SA PAGKAIN.**

**AKO AY SUMASANG-AYON NA I-ULAT SA NAMUMUNO ANG:**

***Anumang Paglitaw ng mga Sumusunod na Sintomas, Habang Nagtatrabaho o Wala sa Trabaho, Kabilang ang Petsa ng Pagsisimula:***

1. Pagtatae
2. Pagsusuka
3. Paninilaw ng balat o mata (*Jaundice*)
4. Pananakit ng lalamunan na may lagnat
5. May sugat, hiwa, o *lesion* na may nana sa kamay, pulso, bahagi ng katawan na nakalantad, o ibang bahagi ng katawan, at ang mga ito ay hindi natatakpan nang maayos (tulad ng pigsa o impeksyong sugat, kahit maliit).

***Pagka-diagnose sa Hinaharap:*** Kapag ako ay na-diagnose na may Norovirus, typhoid fever (Salmonella Typhi), shigellosis (Shigella spp. infection), Escherichia coli O157:H7 o iba pang STEC infection, nontyphoidal Salmonella o hepatitis A (hepatitis A virus infection)

***Kapag Ako ay Malantad sa Mga Pathogen na Nakukuha sa Pagkain:***

**1. Ako ay na-expose o pinaghihinalaang naging sanhi ng kumpirmadong outbreak ng Norovirus, typhoid fever, Shigellosis, E. coli O157:H7 o iba pang STEC, o Hepatitis A**
**2. May kasama sa bahay na na-*diagnose* ng Norovirus, typhoid fever, shigellosis, karamdaman dahil sa STEC, o hepatitis A.**
**3. May kasama sa bahay na nagtatrabaho o dumadalo sa isang lugar na may kumpirmadong outbreak ng Norovirus, typhoid fever, shigellosis, E. coli O157:H7 o iba pang STEC infection, o hepatitis A.**

Aking nabasa (o ipinaliwanag sa akin) at naiintindihan ang mga kinakailangan ukol sa aking mga tungkulin sa ilalim ng Food Code at ng kasunduang ito, kabilang ang:

1. Pag-uulat ng mga sintomas, *diagnosis*, at pagkakalantad gaya ng nakasaad sa itaas;
2. Mga restriksyon o pagbabawal sa trabaho na maaaring ipataw sa akin; at
3. Mabuting mga gawi sa kalinisan

**AKING NAUUNAWAAN NA ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA KONDISYON NG KASUNDUANG ITO AY MAAARING MAGRESULTA SA HAKBANG MULA SA *FOOD ESTABLISHMENT* O AWTORIDAD SA REGULASYON NG PAGKAIN, NA MAAARING MAKAAPEKTO SA AKING TRABAHO AT MAAARING MAGDULOT NG LEGAL NA AKSYON LABAN SA AKIN.**

Pangalan ng Empleyado ng Pagkain (mangyaring ilimbag) ________________________________

________________________ Lagda ________________________ Petsa ________________

Lagda ng May hawak ng Pahintulot o Kinatawan________________________ Petsa __________